

**Ministry ng
Edukasyon**

Minister

315 Front Street West
Toronto ON M7A 0B8

Ministère de l'Éducation

Ministre

315, rue Front Ouest
Toronto ON M7A 0B8



Mahal naming
Mga Magulang—

Sumusulat ako sa inyo dahil ilang linggo na lang tayo mula sa opisyal na pagtatapos ng 2019-2020 taon ng eskuwela. Sa kabila ng mga hamon na nakaharap nating lahat bilang pagtugon sa paglaganap ng COVID-19, nabigyan ako ng inspirasyon ng inyong determinasyon at diwa. Alam kong hindi ito naging madali, nguni't ang inyong pangako sa pagsuporta sa inyong mga anak sa maraming buwan na lumipas ay nagbibigay muli ng katiyakan, nakakabuti at lalo na, nagbibigay ng pag-asa. Patuloy naming pangangalagaan ang kapakanan ng inyong mga anak at pananatilihin ang pagpapatuloy ng pag-aaral. Ang inyong tungkulin bilang mga magulang at mga tagapag-alaga ay mahalaga upang maisakatuparan ito.

Batid naming **maaaring hindi** pareho ang itsura o pakiramdam ng pagsisimula ng susunod na taon ng eskuwela gaya ng 10 buwan ang nakalipas.

Sa pagsisimula ng araw na ito, inanunsyo namin ang plano ng ating pamahalaan para sa ligtas na muling pagbubukas ng mga paaralan. Bagaman ang Ontario ay malinaw na nasa positibong landas pagdating sa aming pagtugon sa paglaganap ng COVID-19, **ang aking layunin ay tiyaking ligtas na maihahanda ang sistema ng edukasyon para sa lahat ng posibleng sitwasyon sa darating ng Setyembre**. Kaugnay dito, inatasan ko ang lahat ng lupon ng paaralan na magplano para sa tatlong sitwasyon:

- Pagbalik sa karaniwan at regular na pagtuturo sa silid-aralan, nang may mga kinakailangan para sa kalusugan at kaligtasan,
- Pagpapatuloy ng malayuang pag-aaral, kasama ang paggamit ng live at naka-sync na pagtuturo sa online, at;
- Isang iniakmang modelo ng paghahatid na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na bumalik sa klase nang may pinagsama-samang virtual na pag-aaral, na kinabibilangan ng mga kinakailangan para sa kalusugan at kaligtasan na maglilimita sa pinakamaraming bilang ng mga mag-aaral sa 15 bawa't klase.

Inaasahan namin na patuloy na mapabuti ang sitwasyon sa kalusugan ng publiko at pahintulutan ang mga lupon ng paaralan na pumasok sa isang karaniwang karanasan ng silid-aralan, kapag magagawa na ito nang ligtas. Ang mga lokal at panrehiyong awtoridad sa kalusugan – kasama ng naitagtag na talaan ng mga medikal na eksperto ng Ministry ng Edukasyon – ay tutulong sa pagtatagumpay, upang matiyak na maipapakita nang mabuti ang mga tunay na pangyayari sa lugar.

Habang binubuo ng mga lupon ng paaralan ang kanilang mga plano batay sa gabay ng ministry, nais kong ipahayag ang ilan sa mga kasamang prinsipyo na ginamit namin sa pagbibigay ng mga instruksiyong ito sa mga lupon.

Una, dapat naming kilalanin ang pinili ninyo bilang mga magulang. Nilinaw ninyo ito sa akin, at tinitiyak namin sa inyo na magagawa ninyo ang pagpili na iyon. Ang anumang paglahok sa klase nang personal ay boluntaryo. Paiigtingin namin ang aming programang Learn At Home (Matuto sa Bahay), magbibigay ng mas maraming access sa teknolohiya para sa mas maraming pamilya, at susuportahan ang ginawang regular at naka-sync na live na pag-aaral na malinaw na magbebenepisyo ang inyong anak. Patuloy na susuportahan ng ating pamahalaan ang mga magulang at igigiit ang nakakaapektong karanasan na ito.

Pangalawa, ang planong ito ay binuo nang **binibigyan ng prayoridad ang kalusugan at kaligtasan ng inyong anak, tauhan at inyong mga pamilya.** Ito ang dahilan kung kaya't nag-annunsiyo ang pamahalaan ng walang bawas na bagong pagpopondo para sa paglilinis, mga protokol sa paglilinis at pinansyal na suporta upang kumuha ng mga karagdagang tagapaglinis sa Setyembre, upang tiyaking ligtas ang mga paaralan. Ito rin ang dahilan kung bakit ginawa ang aming plano kasunod ng malawakang pagkonsulta sa Pinunong Medikal na Opisyal ng Kalusugan, mga eksperto ng kalusugan sa COVID-19 Command Table, mga medikal na eksperto sa The Hospital for Sick Children, mga katuwang sa sektor ng edukasyon, mga front-line worker, mga magulang at mga mag-aaral.

Pangatlo, namumuhunan ang ating pamahalaan sa mga naitalang datos upang suportahan ang kalusugan ng isip ng mag-aaral. **Mamumuhunan kami ng \$10 milyon sa bagong karagdagang pagpopondo para lamang sa darating na taon ng eskuwela,** upang tulungan ang mga lupon ng paaralan na tiyaking maagap nilang susuportahan ang mga mag-aaral kaugnay sa epekto ng COVID-19 sa kalusugan ng isip at sa kapakanan. Ngayong taon, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng hindi pangkaraniwang direktang access sa mga pinangangasiwang propesyonal sa kalusugan ng isip, dahil mamumuhunan ang ating pamahalaan ng naitalang halos \$50 milyon bilang pagsuporta sa kapakanan ng mag-aaral. Nilinaw ng mga medikal na eksperto na kailangan ng pinahusay na mga suporta sa kalusugan ng isip upang tumugon sa COVID-19. Ang pagpopondong ito ay magagamit ng mga lupon ng paaralan upang kumuha ng mga karagdagang manggagawa para sa kalusugan ng isip upang suportahan ang mga mag-aaral sa kagipitan na ito, bawasan ang mga tagal ng paghihintay at pahusayin ang access sa mga mahalagang serbisyo, na alam naming nararapat na matanggap ng mga mag-aaral.

Binibigyang-prayoridad din ng plano ng muling pagbubukas ng eskuwela ang mga suporta para sa mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan sa edukasyon, kasama ang maagang pagpapalano para sa maayos na paglipat sa paaralan, isang pangangailangan na sinusunod ng Mga Indibiduwal na Planong Pang-edukasyon (Individual Education Plan, mga IEP) at Mga Komite sa Pagkilala, Paglalagay at Pagsusuri (Identification, Placement and Review Committee, mga IPRC), kasama ng inaatas na magpapalano ang mga lupon ng full-time na pagtuturo sa klase para sa mga mag-aaral na may pinakamaraming antas ng pangangailangan. Hinihiling din namin sa mga lupon na makipagtulungan sa mga lokal na katuwang kasama ang Mga Children's Treatment Center upang magkaroon ng access ang mga mag-aaral sa mga suportang kailangan nila upang matagumpay.

Pang-apat, nakita naming napagtagumpayan ito ng mga pamilya at mabilis na nakaakma habang unti-unti naming inilabas ang programang Learn at Home. Ang planong ito ay magbibigay ng bagong nilalaman ng online course at mga digital tool, at magbibigay ng iba pang mga mapagkukunan para sa mga tagapagturo upang suportahan ang patuloy na pag-aaral para sa mga mag-aaral sa darating na taon ng eskuwela. Batid din namin na marami pa kaming dapat gawin upang magkaroon ng mas maraming access sa teknolohiya ang mga mag-aaral, at para magkaroon ng access sa internet ang lahat ng paaralan.

Ngayong linggong ito, nag-anunsyo ako ng \$15 milyon upang tulungan ang mga lupon ng paaralan sa pagbili ng mga device at higit pang tanggapin ang digital na panahon. Iaatas ang bagong pagpopondong ito upang kumuha ng hanggang 35,000 computer sa silid-aralan at tiyaking mayroong mga gamit ang mga mag-aaral upang magtagumpay sa paparating na taon ng eskuwela.

Panlima, inanunsyo ko ngayong araw na mas gumugugol ngayon ang pamahalaan sa edukasyon kaysa sa dati. Ngayong taon, nadagdagan ang Mga Gawad para sa Mga Pangangailangan ng Mag-aaral ng naitalang \$736 na milyon. Mamumuhunan kami ng mga naitalang halaga sa kalusugan ng isip, espesyal na edukasyon, teknolohiya at sa kabuuan – **magbebenepisyo ang bawa't lupon ng paaralan mula sa dagdag sa pondo** – habang pinaghahandaan namin ang paparating na taon.

Hindi kami kailanman titigil sa aming pangako sa mga mag-aaral ng Ontario – sa kanilang kalusugan at kaligtasan – upang suportahan sila sa kanilang pakikipagsapalaran sa pag-aaral – at upang ihanda silang magtagumpay para sa hinaharap.

Salamat sa mga magulang, kawani ng edukasyon at mga komunidad ng Ontario para sa inyong suporta, mga ideya at pangako sa kaligtasan ng ating mga paaralan at sa tagumpay ng mga mag-aaral

Nawa'y magkaroon kayo ng isang magandang tag-init,



Ang Kagalang-galang na si Stephen Lecce
Minister ng Edukasyon